SAKSI NGAYON
VOL. 5 NO. 307 MIYERKULES MAYO 21, 2003 P6.00

Multi-milyong pisong anomalya

GM NG PPA PINAGIGISA SA KONGRESO

PAGE 3

GM ng PPA Ipagigisa sa Kongreso

MALAMANG na kasuhan ng plunder ang hepe ng Philippine Ports Authority (PPA) bunga ng pagpayag nitong pumasok sa compromise agreement sa isang pribadong kontraktor na mangangahulugan ng pagkawala ng kikitain sanang mahigit P143-milyon ng pamahalaan.

Ayon sa ilang sources, nang mabasa ng mga mambabatas ang complaint na iniharap nina Vicente Gambito at Ariel Lim ng Consumer Complaint Center Inc., laban kay PPA General Manager Alfonso Cusi, agad nagpasya ang mga itong suportahan ang reklamo at sampahan din ng kasong plunder ang nasabing opisyal.

Malakas umano ang kaso kontra kay Cusi lalo't suportado ng mga opisyal na dokumento ang reklamong iniharap laban dito.

Base sa reklamo nina Lim at Gambito, kinontrata ng PPA ang serbisyo ng kumpanyang Blue Crown Hydrop noong Pebrero 17, 1998 upang pamahalaan ang operasyon ng North Harbor Works Distribution System (NHWDS) sa Marcos road, Mula Pier 2 hanggang Terminal 16. Ang NHWDS ang namamahala ng pagbebenta ng pag-supply ng tubig sa lahat ng mga barko sa North Harbor at iba pang pasilidad sa nasabing lugar, kasama ang PPA.

Subalit nabigo ang Blue Crown na gampanan ang kanilang kasunduan kung kaya't bigo rin itong bayaran ang PPA ng guaranteed minimum share nitong P4.9 milyon kada taon o P75.3

CUSI

milyon sa katapusan ng kontrata.

Hindi rin umano nakapagbayad ang Blue Crown ng kinakailangang GSIS Performand bond na P14,215,500 kada taon. Wala rin itong nai-supply na equipment at kagamitan sa PPA, at hindi rin napalawak ang operasyon ng NHWDS upang maserbisyuhan ang ibang karatig pook.

Sa kabila nito, ang Blue Crown pa ang nagdemanda sa PPA, subalit hindi na umabot sa korte dahil nagcompromise agreement ang dalawa. Nakapagtatakang binayaran pa ng PPA ang Blue Crown ng halagang P44,177,853 para sa danyos, samantalang ang hinihingi ng contractor ay P20,426,500.

Naniniwala ang mga nagharap ng reklamo na nakipagsabwatan si Cusi sa mga may-ari ng Blue Crown upang pagtakpan ang kawalang abilidad ng kumpanyang tuparin ang mga responsibilidad nitong nakasaad sa kontrata.

(Even Demata)

Komprontasyon sa UP pinangangambahan

Lifestyle check sa DA official hiniling